ALAMEDA COUNTY REGISTRAR OF VOTERS/
TAGAPAGREHISTRO NG MGA BOTANTE NG COUNTY NG ALAMEDA
Tagalog Language Accessibility Advisory Committee
Date: Tuesday, February 25, 2025/ Petsa: Martes, Pebrero 25, 2025
Time: 12:00 PM-1:00 PM/ Oras: 12:00 PM-1:00 PM
Location: Virtual Meeting/ Lokasyon: Birtwal na Pulong

Attendees/ Mga Dumalo:
Daisy Maxion (Organizing Director, Filipino Advocates for Justice),
Geena Ballesteros (Transitional Age Youth Organizer, Filipino Advocates for Justice),
Pinky Ednalaga Cadungug (Tagalog Language Coordinator, Alameda County ROV),
Sean Mican Sulangsawa (Tagalog Language Election Support, Alameda County ROV)

I. WELCOME/ PAGBATI

Pinky welcomed all attendees to the Tagalog LAAC Meeting and introduced Sean to Daisy and Geena. When everyone was ready for the meeting, Sean pulled up a PowerPoint presentation that covered the meeting's agenda for all attendees' information./ Malugod na tinanggap ni Pinky ang lahat ng mga dumalo sa Pagpupulong ng Tagalog LAAC at ipinakilala si Sean kina Daisy at Geena. Nang ang lahat ay handa na sa pagpupulong, itinanghal ni Sean ang isang PowerPoint presentation na naglalaman ng agenda ng pagpupulong para sa kaalaman ng lahat ng dumalo.

II. OLD BUSINESS/ NAKARAANG USAPIN

Pinky assured attendees that questions raised by Daisy from the past meeting had been addressed and that any query would be entertained at any time during the meeting. Sinigurado ni Pinky sa mga dumalo na ang mga tanong ni Daisy mula sa nakaraang pagpupulong ay natugunan at ano pa mang mga karagdagang tanong ay sasagutin habang nasa gitna ng nagpupulong.

III. NOVEMBER 5, 2024, GENERAL ELECTION RESULTS/ MGA RESULTA NG NOBYEMBRE 5, 2024, PANGKALAHATANG HALALAN

Pinky discussed key points and overall turnout results from the past General Election. The total tally and percentages were clearly presented on the PowerPoint slide. Pinky also briefly explained to the attendees that the scanned "3 million ballots" referred to the total number of ballot pages./ Tinalakay ni Pinky ang mga pangunahing punto at resulta ng pangkalahatang bumotong botante mula sa nakaraang Pangkalahatang Halalan. Ang kabuuang bilang at porsyento ay malinaw na ipinakita sa PowerPoint slide. Ipinaliwanag ni Pinky sa mga dumalo

na ang “3 milyong balota” na na-scan ay tumutukoy sa kabuuang bilang ng mga pahina ng balota.

IV. YOUTH VOTER ENGAGEMENT/ PAKIKIPAG-UGNAYAN NG MGA KABATAANG BOTANTE

As shown on PowerPoint, the attendees were able to see the total number of registered youth voters in the Cities of Berkeley and Oakland, and the total number of youth voters who cast their ballots per city./ Mula sa PowerPoint, naipakita sa mga dumalo ang kabuuang bilang ng mga rehistradong kabataang botante sa mga Lungsod ng Berkeley at Oakland, pati na rin ang kabuuang bilang ng mga kabataang botante na bumoto sa bawat lungsod.

V. OUTREACH AND LANGUAGE EDUCATION TOTALS IN 2024/ MGA KABUUAN SA OUTREACH AT EDUKASYON SA WIKA NG 2024

Attendees were informed of the total number of Outreach events in 2024, including 77 student voter education events. Pinky shared that detailed information about these events was made available on the Official Site Election of Alameda County./ Ipinahayag ni Pinky ang kabuuang bilang ng mga kaganapan sa Outreach noong 2024, kabilang ang 77 kaganapan para sa edukasyon ng mga botanteng mag-aaral hinggil sa pagboto. Ibinahagi ni Pinky na ang detalyadong impormasyon tungkol sa mga kaganapang ito ay matatagpuan sa Opisyal na Website ng Halalan ng County ng Alameda.

VI. ELECTION WORKERS RECRUITMENT & BILINGUAL ELECTION WORKERS/ PAGKAKALAP NG MGA MANGGAGAWA SA HALALAN & BILINGGUWAL NA MANGGAGAWA SA HALALAN

Pinky presented the total number of election workers during the 2024 General Election, including the number of bilingual workers and those who spoke Tagalog fluently./ Inilahad ni Pinky ang kabuuang bilang ng mga manggagawa sa halalan noong Pangkalahatang Halalan 2024, kasama ang bilang ng mga bilinggwal na manggagawa at ng mga matatas sa pagsasalita ng Tagalog.

She also mentioned that the Language Line included 3% of the other languages./ Binanggit din niya na ang saklaw ng Language Line ay kinabibilangan ng 3% ng iba pang mga wika.

VII. APRIL 15, 2025, CITY OF OAKLAND SPECIAL MUNICIPAL ELECTION/ ABRIL 15, 2025, ESPESYAL NA MUNISIPAL NA HALALAN SA LUNGSOD NG OAKLAND

Pinky informed the attendees that the special election will be held on April 15th and emphasized that only Oakland registered voters are eligible to vote. The contests for City Mayor, City Councilmember for District 2, and a proposed measure regarding Oakland’s sales tax will be on the ballot./ Ipinaalam ni Pinky sa mga dumalo na ang espesyal na halalan ay gaganapin sa ika-15 ng Abril, at kanyang binigyang-diin na ang mga rehistradong botante

lamang ng Oakland ang karapat-dapat na bumoto. Ang mga labanan para sa Punong Bayan ng Lungsod, Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Distrito 2, at isang iminumungkahing panukala tungkol sa buwis sa pagbebenta sa Oakland ay nasa balota.

Important events, key dates, as well as vote centers and drop box information were clearly shown on the PowerPoint slide./ Malinaw na ipinakita sa PowerPoint slide ang mga mahahalagang kaganapan, mga pangunahing petsa, pati na rin ang mga impormasyon tungkol sa mga sentro ng pagboto at kahong paghuhulugan ng mga balota.

VIII. QUESTIONS AND/OR SUGGESTIONS FROM THE ATTENDEES/ MGA KATANUNGAN AT/O MGA MUNGKAHI MULA SA MGA DUMALO

Daisy's first question was regarding the age range for youth voters, and Pinky answered 16-17 years old, and that the youth must be pre-registered./ Ang unang katanungan ni Daisy ay tungkol sa saklaw ng edad para sa mga kabataang botante, at ang tugon ni Pinky na ang mga kabataang botante ay may edad na 16-17 taon, at kinakailangan nilang mag-pre-register.

Daisy's next question was how long the newly elected Mayor and Councilmember will serve, the answer to that was until 2026./ Ang sumunod na tanong ni Daisy ay tungkol sa tagal ng panunungkulan ng bagong halal na Punong Bayan at Miyembro ng Konseho, at ang sagot dito ay hanggang 2026.

Daisy and Geena asked who the candidates are for the seat of Mayor. There was a discussion among the attendees regarding the candidates, such as Barbara Lee, Loren Taylor, President Cristina Grappo, Peter Y. Liu, etc./ Nagtanong sina Daisy at Geena kung sinu-sino ang mga kandidato para sa katungkulan ng Punong Bayan. Nagkaroon ng talakayan ang mga dumalo tungkol sa mga kandidato, tulad nina Barbara Lee, Loren Taylor, President Cristina Grappo, Peter Y. Liu, at iba pa.

Daisy asked about the election materials that could be distributed to the community members and their Filipino Advocates for Justice group. Pinky replied that for the special election, there are mailers available to be handed out./ Nagtanong si Daisy tungkol sa mga materyales ng halalan na maaaring ipamahagi sa mga miyembro ng kanilang komunidad at Filipino Advocates for Justice. Tumugon si Pinky na mayroong mga mailer na maipapamahagi para sa espesyal na halalan.

The attendees asked why the next primary election is in June and not March. Pinky responded that in California, Presidential primary elections are held in March, while Statewide Direct Primary Elections are now held in June./ Nagtanong ang mga dumalo kung bakit gaganapin ang susunod na primaryang halalan sa Hunyo at hind sa Marso. Ang tugon ni Pinky ay sa California, ang Primaryang Pampanguluhang Halalan ay ginaganap tuwing

Marso habang ang Pangkabuuang-Estadong Tuwirang Primaryang Halalan ay ginaganap tuwing Hunyo.

Geena asked what youth voter events cover and if our office holds events particularly for High School seniors to prepare the students for when they become adult voters. Pinky shared that the Outreach staff members hold these events to teach students when and how they can pre-register, and which position they can only vote for./ Nagtanong si Geena kung ano ang mga sakop ng mga kaganapan para sa mga kabataang botante at kung ang ating tanggapan ay nagsasagawa rin ng mga kaganapang partikular para sa mga senior ng Mataas na Paaralan upang ihanda ang mga mag-aaral sa pagiging botanteng nasa hustong gulang. Ibinahagi ni Pinky na ang mga kawani ng Outreach ay nagsasagawa ng mga pagtitipon upang turuan ang mga mag-aaral kung kailan at paano sila maaaring mag-pre-register, at kung aling katungkulan ang maaari nilang iboto.

IX. ADJOURNMENT/ PAGTATAPOS

Daisy was glad for the high turnout for the 2024 General Election and said she was hopeful for a higher turnout for the next Statewide Direct Election./ Natuwa si Daisy sa mataas na bilang ng mga botante sa Pangkalahatang Halalan 2024 at sinabing umaasa niyang magiging mas mataas pa ang bilang sa susunod na Pangkabuuang-Estadong Tuwirang Halalan.

Daisy and Geena expressed their gratitude for the detailed update and for the use of PowerPoint presentation./ Ipinahayag nina Daisy at Geena ang kanilang pasasalamat sa detalyadong ulat at sa paggamit ng PowerPoint presentation.

After a brief exchange of pleasantries, the meeting was adjourned./ Matapos ang isang maikling palitan ng magagandang salita, nagtapos ang pagpupulong.